CARD PIONEER Microinsurance Inc.

CaMIA CARD MRI Insurance Agency

| | | |
|---|---|---|
| PARA SA | : | **Lahat ng kasapi at kawani ng CARD MRI, Microinsurance Supervisors at Coordinators** |
| MULA SA | : | CPMI Officer-in Charge<br>CaMIA President |
| PETSA | : | Enero 16, 2023 |
| TUNGKOL SA | : | **Kabuklod Plan Dependents Promo** |
| MEMO REF. NO. | : | **CPMI-SALES-2023-08** |

Magandang Araw!

Nais iparating ng pamunuan ng CaMIA at CPMI ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumangkilik at walang-sawang sumuporta sa mga produkto ng CPMI. Kaugnay ng layunin nating magseguro ng mas madaming indibidwal, ikinalulugod ipahayag ng pamunuan ang mas pinalawak na sakop ng seguro para sa Kabuklod Plan kung saan maaari naring ibili ang mga dependents ng ating mga kasapi gayundin ang dependents ng mga CARD MRI Staff na nag nanais bumili para sa kanyang sarili at sa kanyang dependents**. Ang promo na ito ay mag sisimula sa ika-01 ng Pebrero 2023 hanggang Hulyo 30, 2023.**

**Narito ang mga gabay at karagdagang impormasyon para dito:**

1. Ito ay para sa lahat ng policy holder na may Kabuklod Plan o bibili pa lang ng Kabuklod Plan para sa sarili, Member man o CARD MRI Staff. Maaari na nilang ibili ang kanilang kaanak na may edad na 18 hanggang 64 taong gulang para sa asawa o live-in partner at 2 weeks old hanggang 17 taong gulang naman para sa mga anak.

2. Maaaring ibili ng Kabuklod Plan ang asawa o ka live-in partner (para sa member lamang) ng policy holder pasubali na ang principal member ay insured na sa Kabuklod Plan. Gayundin ang mga anak ay maari narin ibili kung ang principal holder at asawa o ka live-in partner nito ay nauna nang nakaseguro sa Kabuklod Plan *(Principal → Asawa/Partner → Anak).*

3. Kung ang policy holder naman ay Single Parent, Balo na, Separated o nasa ibang bansa ang asawa o ka live-in partner nito, maaari pa din niyang kuhanan ang kanyang anak ng Kabuklod Plan *(Principal → Anak).*

4. Ang lahat ng Kabuklod Plan dependent ay masasakop din ng 1-year waiting period para sa Burial Benefit alinsunod na din sa probisyon ng Kabuklod Plan bilang Principal Holder.

CARD PIONEER Microinsurance Inc.

CaMIA CARD MRI Insurance Agency

5. Sa pagpapasali ng dependents sa Kabuklod Plan maaari din i-bundle ang Kabuklod Plan kasama ng iba pang CPMI products (2-in-1 to 5-in-1) upang hindi na kinakailangan pang bumuo ng grupo o minimum na tatlo (3) o higit pang bagong mga policy holders para makabili ng Kabuklod Plan.

6. Kung ang dependents ay may existing Sagip Plan, CARD Care Plus, ER Care o ProteKITA, kailangan isabay upon renewal ang pagkuha ng Kabuklod Plan at dapat pare-pareho ang mga Effectivity Date nito.

Para sa inyong gabay at striktong pagsunod.

Maraming salamat sa inyong walang-sawang suporta!

MELINDA GRACE M. LABAO
Officer-in-Charge, CPMI

VENER S. ABELLERA
President, CaMIA

Noted by:

ARISTEO A. DEQUITO
CARD MRI Managing Director

AAD/VSA/MML/agd